Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
Gabay para sa Kawanggawa na mga Operasyon sa Pagpapakain (Charitable Feeding Operations)

Kamakailang mga Pagbabago:
10/31/20: Ang kahulugan ng malapitang nakasalamuha ay binago para isama ang pagiging nasa loob ng 6 na talampakan ng isang nahawaang tao sa kabuuang 15 minuto sa loob ng 24 na oras. Pinayuhan ang mga taong may sintomas na makipagusap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) para talakayin ang pagsusuri (testing) at pagbubukod.

Hinihiling ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health) ang iyong tulong upang pabagalin ang pagkalat ng novel (bago) coronavirus sa Los Angeles County. Ang mga rekomendasyon sa ibaba ay makakatulong upang matiyak na ang parehong mga kawani at mga kliyente ay mananatiling malakas ang katawan.

Ill Mga Boluntaryo at mga Empleyado

- Ang nahawaang mga empleyado at mga boluntaryo ay pinapayuhang manatili sa bahay at huwag bumalik sa trabaho hanggang sa hindi bababa sa 10 araw mula ng unang lumabas ang mga sintomas, AT 24 na oras pagkatapos na gumaling ang lagnat ng hindi umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat, AT nagkaroon ng pagbuti sa mga sintomas (hal., ubo, pangangapos ng hininga). Ang mga empleyado na tila may sakit pagdating sa trabaho o nagkasakit sa araw ng trabaho ay dapat pauwiin kaagad. Ang mga empleyado na nasuring positibo para sa Covid-19, ngunit hindi nagpapakita ng anumang mga sintomas, ay dapat na manatili ng 10 araw pagkatapos masuri. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidisolation
- Ang sinuman na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa nakakahawang kawani ay dapat na magbukod ng 14 na araw mula sa huling araw na nagkaroon ng malapitang. Kasama sa mga malapitang nakasalamuha ang sinumang indibidwal na nasa loob ng 6 na talampakan ng nahawaang tao sa kabuuang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras . Bilang karagdagan, ang mga malapitang nakasalamuha ay sinumang indibidwal na nagkaroon ng hindi protektadong pakikisalamuha sa mga likido ng katawan at/o mga sekresyon ng nahawaang tao, halimbawa, ay naubuhan o nabahingan, naibahagi na kutsara at tinidor o laway, o nagkakaloob ng pangangalaga ng hindi nagsusuot ng naaangkop na pamprotektang kagamitan. Ang isang taong may COVID-19 ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago lumabas ang kanilang unang mga sintomas hanggang sa sila ay hindi na kailangang ibukod. Ang isang taong may positibong COVID-19 na pagsusuri ngunit walang mga sintomas ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago kinunan ang kanilang pagsusuri hanggang sa 10 araw pagkatapos masuri. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidquarantine.

Mga Kliyente na Nagpapakita ng mga Palatandaan ng Sakit

- Payuhan ang mga kliyente na may sakit na manatili sa bahay at makipagusap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) tungkol sa pangangailangan para sa pagsusuri at pagbubukod. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidcare . Payuhan sila at hilingin sa isang kaibigan o kapitbahay na kunin ang kanilang mga pinamili (groceries). Maaari rin silang **makahanap ng mga mapagkukunan tulad ng pagkain, gamot, at iba pang mga kinakailangang**

gamit sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1, o pagbisita sa 211LA website, o ang mapagkukunang pahina (resource page) ng Pampublikong Kalusugan (tingnan ang mga opsyon sa "helpers" na seksyon).

- Magpaskil ng mga palatandaan sa mga lugar na madaling makita ng mga kliyente na nag-aatas sa kanila na manatili sa bahay kung sila ay may sakit, kahit na di-malubhang sakit: http://publichealth.lacounty.gov/acd/docs/StayHomeWhenSickCOVIDPoster.pdf
- Bigyan ang mga kliyente ng karagdagang napkin o tisyu na gagamitin kapag sila ay umubo o bumahing.
- Tiyakin na ang mga banyo ay ganap na nilagyan ng sabon, pang-isahang gamit (single-use) na mga tuwalya/pampatuyo ng kamay (hand dryers) at di-hinahawakan na mga basurahan.
- Irekumenda ang pagbibigay sa mga kliyente ng hand santizer na may alkohol na hindi bababa sa 60%.
- Turuan ang mga boluntaryo at mga empleyado na naghahanda at naghahain ng pagkain na hangga't maaari panatilihin ang 6 na talampakan na distansya sa pagitan ng kanilang mga sarili at ng mga kliyente na tila may sakit.

Mga Tagubilin sa Paghuhugas ng Kamay

- Hugasan ang mga kamay at mga braso gamit ang sabon at maligamgam na tubig ng hindi bababa sa 20 segundo bago:
  - Kumain o uminom
  - Maghanda ng pagkain
  - Magsuot ng mga guwantes
  - Matapos makisali sa iba pang mga aktibidad na nagpapadumi ng mga kamay
- Magpaskil ng mga palatandaan sa paghuhugas ng mga kamay bilang mga nakikitang paalala.
- Irekumenda ang tamang paggamit ng mga guwantes bilang isang karagdagang kasangkapan, ngunit mahalagang tandaan na ang mga guwantes ay hindi pinapalitan ang pangangailangan ng paghugas ng mga kamay at magsanay ng tamang kalinisan ng kamay.

Pagtatanggap ng Donasyong Pagkain

- Mula sa mga Indibidwal at mga Pribadong Sambahayan
  - Tumanggap lamang ng mga hindi niluto, at nakabalot na mga produktong pagkain mula sa mga indibidwal at mga pribadong sambahayan (tulad ng mga delatang pagkain, nakakahon na cereal, atbp.).
- Mula sa mga Pasilidad ng Pagkain (Food Facility)
  - Maaari mong tanggapin ang mga prutas/gulay na buo (whole produce), mga hinanda na pagkain, mga nakabalot na pagkain, at mga lumipas na nakabalot na pagkain (maliban sa lumipas na gatas para sa sanggol at pagkain ng sanggol) mula sa mga pinapayagang mga pasilidad ng pagkain tulad ng mga restawran, mga hotel, mga tindahan, mga pasilidad na nagpoproseso ng pagkain, mga tagapamahagi ng pagkain, at mga nagca-cater.
  - Ang mga donasyong pagkain na nangangailangan ng pagkontrol sa temperatura ay dapat palaging manatili sa 41˚F o mas malamig para sa mga malamig na pagkain o 135˚F o mas mainit para sa mga mainit na pagkain, bago ang paghahatid.

  - Hilingin sa nagbigay ng donasyon (donor) na ibigay ang temperatura ng pagkain at oras na kinuha ang temperatura bago ihatid sa ahensya.
  - Sa pagtanggap ng pagkain, dapat suriin ng taong namamahala sa ahensya ng pagtanggap ang temperatura ng pagkain at isulat ang oras na natanggap ang pagkain.
  - Kung ang donor o organisasyon ng pagbawi ng pagkain (food recovery organization) ay naghahatid ng donasyong pagkain sa pamamagitan ng pinalamig na paghahatid (refrigerated transport), ang mga pagkain ay dapat manatili ng mas malamig sa 41˚F habang hinahatid sa ahensya.
  - Kung ang donor o organisasyon ng pagbawi ng pagkain (food recovery organization) ay hindi naghatid sa pamamagitan ng pinalamig na paghahatid, ang mga pagkain ay dapat na may tatak na "Iproseso Kaagad" (“Process Immediately”) at hindi dapat mawala sa mga kontrol ng temperatura ng higit sa 2 oras.
- Huwag tumanggap ng mga lumipas na gatas ng sanggol at mga lumipas na pagkain ng sanggol.

Serbisyo sa Pagkain/Pagpili sa Pagkain (Food Service/Food Selection)

- Kung ang iyong ahensya ay isang modelo sa pagpipili ng kliyente na (client choice model), isaalang-alang ang pagbabago nito sa isang pre-bag na modelo. Ang mga lalagyan ay maaaring maipasa ng mabilis at kakaunti ang mga tao na makakahawak sa mga pagkain.
- Kung nagpasya ang iyong ahensya na manatili na client choice model pantry, hilingin sa iyong mga kliyente na hugasan ang kanilang mga kamay at magsuot ng mga guwantes bago pumili ng kanilang mga produktong pagkain.
- Pahabain ang oras o magbukas ng isang karagdagang araw upang ang mga kliyente ay maaaring magsanay ng panlipunang pagdistansya (social distancing) sa lugar o sa pagpila.
- Limitahan ang bilang ng mga tao sa lugar ng food pantry. Kung ang iyong pantry ay nasa loob, isaalang-alang ang paglipat ng pamamahagi sa lugar sa labas depende sa mga kondisyon ng panahon.
- Magbigay ng telang pantakip ng mukha (cloth face covering) sa lahat ng mga kawani at mga boluntaryo, at tiyakin na isusuot nila ang mga ito sa lahat ng oras kapag nakikisalamuha sa isa’t isa o sa mga kliyente.
- Kung maaari, pasuotin ng mga guwantes ang mga naghahain ng pagkain sa mga hapag-kainan.
- Mag-alok ng hand sanitizer o mga panlinis/pamunas ng kamay sa mga kliyente kapag pumapasok sa mga linya ng paghahain.
- Punasan palagi ang mga tapon o dumi sa ibabaw (surface spills).
- Palitan ng madalas ang mga panghain na kasangkapan.

Pangkalahatang Paglilinis

- Magtalaga ng isang boluntaryo o tauhan na responsable para sa palagiang paglilinis at pagdidisimpekta ng mga mesa, mga kounter, mga kart, mga hawakan ng pintuan, mga bolpen, mga telepono, mga istasyon ng computer at iba pang mga "madalas-hawakan" (“high-touch”) na ibabaw sa buong araw.

- Gumamit ng isang rehistrado sa Environmental Protection Agency (EPA) na produkto na naglilinis (nag-aalis ng mga mikrobyo) at nagdidisimpekta (pumapatay ng mga mikrobyo). Laging sundin ang mga tagubilin na nakatatak sa mga panlinis na produkto at mga pandisimpekta.

Mga Epektibong Pandisimpekta

- Para makagawa ng isang bleach na solusyon, maghalo ng 4 na kutsarita ng bleach sa 1 litro (4 na baso) ng tubig. Para sa isang mas malaking paggamit, magdagdag ng 1/3 na baso ng bleach sa 1 galong (16 na baso) tubig. Gamitin ang solusyon sa loob ng 20 minuto.
- Ang iba pang aprubado ng EPA na mga pandisimpekta ay maaaring gamitin kung ang mga ito ay epektibo laban sa mga Coronavirus. Ang mga mamimili ay maaaring tumawag sa "1-800" na numero na nakatatak sa produkto para sa pagkamabisa nito laban sa "COVID-19".

Wastong Paghawak ng mga Pandisimpekta, mga Bagay, at mga Basura

- Gumamit ng mga kemikal sa isang lugar na may maayos na bentilasyon
- Iwasan ang paghahalo ng mga kemikal na hindi magkatugma (basahin ang nakatatak)
- Iwasang madikit ang kemikal sa pagkain habang naglilinis
- Pangasiwaan ng mabuti ang mga basura at pagtatapon ng mga ito sa isang ligtas na lalagyan

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Pagpapayo (Consultative Services) sa (888) 700-9995. Para sa higit pang impormasyon sa COVID-19, bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov.